


Vancouver CoastalHealth

# Binibigyang-diin ng 2021/22 VCH Impact Report ang kritikal na tungkulin ng health care workers sa pambihirang panahon na ito.

---


Binibigyang-pansin ang aming mga programa at inisyatibo, binibigyang-diin ang kalakasan ng aming mga pinahahalagahan, at ipinapakita ang aming pangakong maghatid ng napakahusay na pangangalaga.

Kinikilala namin na ang aming mga lugar ng trabaho at VCH facilities ay nasa mga tradisyunal na homeland o bayang sinilangan ng 14 na First Nations communities: Heiltsuk, Kitasoo-Xai'xais, Lil'wat, Musqueam, N'Quatqua, Nuxalk, Samahquam, shíshálh, Skatin, Squamish, Tla'amin, Tsleil-Waututh, Wuikinuxv at Xa'xtsa. Nagpapasalamat kami na maging mga partner sa paghatid ng mga serbisyo sa health care sa mga lupang ito at sa pagsuporta sa pangangalagang ligtas para sa kultura ng mga Indigenous na Tao.



# SINO KAMI

Ang mga tao sa VCH ay naghahatid ng mga serbisyo sa komunidad, ospital, at pangmatagalang pangangalaga sa mahigit sa isang milyong tao sa mga komunidad, kabilang ang Richmond, Vancouver, North Shore, Sea-to-Sky corridor, Sunshine Coast, Powell River, Bella Bella, at Bella Coola. Namamahagi rin kami ng specialized care at mga serbisyo para sa mga tao sa buong B.C., at nagsisilbi kami bilang pinaka-sentro ng edukasyon at pagsasaliksik ng province para sa pangangalaga sa kalusugan.





**Dr. Penny Ballem**

Pinuno ng Board ng Vancouver Coastal Health

# Mensahe mula sa Pinuno ng Board ng Vancouver Coastal Health

Naging napakamapanghamon ang taóng ito at ang aming mga team sa Vancouver Coastal Health (VCH) ay patuloy na naghahatid ng ligtas at mahusay na health care sa mahigit sa 1.25 milyong tao sa buong province. Dahil nakapagbigay ng napakaraming COVID-19 vaccines, dahil sa desididong pagkilos na tugunan ang kasalukuyang krisis sa opioid at malawakang pagsisikap na ipagpatuloy na matupad ang iba't-ibang mga pangangailangan sa health care ng VCH residents, maraming mga bagay na binibigyang-pansin sa Impact Report sa taóng ito ang nagpapakita na may pag-asa sa mapanghamong panahon na ito.

Patuloy akong humahanga sa lakas, pagkamahabagin, skill, at dedikasyon ng ating mahigit sa 26,000 staff at medical staff at maraming volunteers na naghahatid ng walang-katulad na serbisyo sa harap ng napakaraming pagsusubok. Taos-puso akong lubos na nagpapasalamat sa bawat isa sa kanila.

Sa kabila ng lubos na pagsisikap na kinailangan sa panahon ng pandemya ng COVID-19 at ng krisis sa opioid, patuloy naming tinupad ang aming pangako na magbigay sa publiko ng buong continuum ng mahusay na serbisyo sa health care.

Ito'y posible lamang sa tulong ng lakas ng aming maraming mga partnership.

Sa ngalan ng Board of Directors ay nais kong pasalamatan at ipahayag ang aking lubos na pagpapahalaga sa Ministri ng Kalusugan (Ministry of Health), sa Ministri ng Pangkaisipang Kalusugan at mga Addiction (Ministry of Mental Health and Addictions) at sa ating mga kasamahan sa ibang Health Authorities sa B.C. kung kanino kami nakikipagtulungan araw-araw. Nais ko ring pasalamatan ang aming mga partner sa Providence Health Care at sa mga magagaling na organisasyon sa komunidad na may parehong mga layunin tulad namin, at na tumutulong sa amin na alagaan ang mga pasyente, mga kliyente, at residents na nangangailangan ng aming mga serbisyo. Ang determinasyon at ang tunay na pagmamalasakit na aming nararanasan mula sa lahat ng aming mga partner ay talagang kakaiba.

Habang patuloy naming pinamamahalaan ang mga epekto ng COVID-19, muli akong mayroong optimismo para sa darating na taon. Patuloy naming gagawin ang aming pinakamabuti sa VCH upang panatilihing ligtas at nasa mabuting kalusugan ang ating mga komunidad. Nagpapasalamat kami sa tungkuling ginagampanan ninyong lahat para rin dito. Isang karangalan para sa aming lahat sa Board na pagsilbihan ang mga tao sa loob ng Vancouver Coastal Health.

Mensahe mula kay Vivian Eliopoulos
Pangulo at CEO ng Vancouver Coastal Health





Ang 2021/22 Ulat Tungkol sa Epekto / Impact Report na ito ay dedikado sa lahat ng mga tauhan ng VCH, medikal na tauhan, at mga partner sa komunidad na nagsikap na magtulungan sa nakaraang taon upang magbigay ng mahusay na pangangalaga sa mga komunidad na aming sinisilbihan.

# MARAMING SALAMAT SA HEALTH CARE WORKERS

Ang kasipagan at dedikasyon ng health care workers ay patuloy na minamahalaga ng aming mga pasyente, ng kanilang mga pamilya, ng komunidad, at ng mga pinuno ng VCH. Ibinabahagi ni Sherri Green ang kanyang pasasalamat; siya'y isang pasyente sa VCH na nagpagamot para sa kanser.



# ISANG SULYAP SA ULAT



















# NANGANGALAGA PARA SA LAHAT




# TINUTUGUNAN ANG DALAWANG PUBLIC HEALTH EMERGENCIES

Bagama't ang COVID-19 ay patuloy pa ring pangunahing nasa isip ng maraming tao, patuloy na humaharap ang ating health care system sa dalawang public health emergencies – sa krisis ng toxic drug supply at sa pandemya – at ang aming mga dedikadong tauhan ay patuloy na masipag na tumutugon sa kapwa dalawang krisis na ito.

Sa simula ng pandemya, gumamit ng isang targeted na istratehiya ang public health upang masigurado na ang mga táong nakatira sa Downtown Eastside ng Vancouver ay may access sa low-barrier services para sa pag-iwas at sa pangangalaga para sa COVID-19, kabilang na ang outreach testing, enhanced contract tracing at isolation shelters; sinuportahan sila dito ng health care providers.

Simula noong Pebrero 2020, naglunsad ang VCH ng isang kampanya ng pagbabakuna upang mabakunahan ang residents, health care providers, at service providers. Binawasan ng paraang ito ang pagkalat ng virus sa komunidad, habang binibigyang-diin ang mga lugar kung saan nahihirapan ang residents na mag-self-isolate.


Upang tugunan ang sumasamang krisis sa toxic drug sa panahon ng isang pandemya, nagsikap ang public health team ng VCH na itatag muli ang mga kritikal na serbisyong itinigil dahil sa pandemya, tulad ng overdose prevention sites at in-person addiction treatment.





*Noong Agosto 2021, libu-libong mga tao sa buong B.C. ang nag-drop in para sa Walk-in Wednesday upang magpabakuna laban sa COVID-19.*




*Binisita ni Dr. Bonny Henry ang VCH vaccination clinic staff sa Vancouver Convention Centre.*




Noong 2020, ang mismong rehiyon ng VCH ay nagrekord ng 480 kamatayan dahil sa toxic drug overdose, kumpara sa 280 kamatayan noong 2019.



Pinalawak ng VCH ang kanyang harm reduction services sa Vancouver at Squamish; halimbawa, nagbukas ito ng dalawang bagong overdose prevention sites. Pinapalakad ng VCH ang mga site na ito sa buong rehiyon upang panatilihing ligtas ang mga tao mula sa toxic drugs at upang ikonekta sila sa mga serbisyo sa kalusugan.




Ang VCH ay tumanggap ng funding mula sa Health Canada upang ilunsad ang Safe Alternative for Emergency Response (SAFER); ito ang unang safe supply model sa Metro Vancouver na nagrereseta ng medical grade fentanyl sa mga táong pinakananganganib na mag-overdose. Ang ebidensiya mula sa modelong ito ay gagamitin sa darating na panahon upang magreseta ng mga reguladong alternatibo upang mailayo ang mga tao mula sa toxic drug supply.



# PINALALAKAS ANG MGA PARTNERSHIP SA MGA DIVERSE NA KOMUNIDAD

Ang magbigay ng madaling access sa pagbabakuna ay naging priyoridad ng aming mga tauhan sa panahon ng kampanya ng COVID-19 vaccination, lalo na para sa mga táong pinaka-maaapektohan ng malubhang sakit mula sa COVID-19.

Ang VCH ay nakipagtulungan sa community partners upang magtatag ng vaccine clinics upang mas madaling makapagpapabakuna ang seniors na nagsasalita ng Cantonese at Mandarin at na mag-isang naninirahan sa high-density single room occupancy (SRO) housing at sa tirahan kasama ng iba sa Chinatown at Strathcona neighbourhood ng Vancouver. Ang VCH ay nakikipagtulungan sa community partners upang magbigay ng resources sa ibang mga wika tungkol sa kaligtasan at pagiging mabisa ng mga vaccine nang masagot ang mga katanungan at mga alalahanin.

Habang patuloy ang kampanya para sa pagpapabakuna, natuklasan ng VCH ang pangangailangang magbigay ng karagdagang suporta sa mga táong hindi gaanong mahusay sa Ingles, o hindi nagsasalita ng Ingles. Nagdagdag kami ng mga clinic sa mga takdang kapitbahayan at nakipagkomunika kami gamit ang iba't-ibang mga wika nang matugunan ang mga pangangailangan ng residents na hindi gaanong mahusay sa Ingles, sa mga clinic na nagbibigay-pansin sa kanilang mga kultura.



*Si Dr. Matthew Kwok, isang Emergency Department na Doktor sa Richmond Hospital, ay isa sa maraming mga nagbigay ng bakuna sa COVID-19 vaccination clinics ng VCH.*




Noong 2021, ang VCH ay nag-host ng anim na clinic para sa komunidad na nagsasalita ng Cantonese at Mandarin at na naninirahan sa Chinatown at Strathcona neighbourhoods; sila'y nagbigay ng 1,714 na bakuna (una, pangalawa, at booster doses).

Ang trabahong ito ay naging posible sa tulong ng mga organisasyon sa komunidad na tumutulong suportahan ang mga Chinese community sa Vancouver at Richmond, kabilang ang:

- S.U.C.C.E.S.S.
- Vancouver Chinatown Legacy Stewardship Group
- Vancouver Second Mile Society
- Downtown Eastside Women's Centre
- Hua Foundation
- DTES SRO Collaborative
- Yarrow Intergenerational Society for Justice
- Carnegie Community Centre



# PANGANGALAGA SA ATING MGA KAPITBAHAY NOONG PANAHON NG B.C. WILDFIRES

Nagkaroon ng heat dome sa British Columbia noong bandang katapusan ng summer 2021 at napuwersa ng wildfires ang daan-daang mga tao na pinaka-nangangailangan ng suporta at proteksyon na mag-evacuate mula sa kanilang long-term care homes sa Interior at sa North.

Sa ilang mga kaso, ang residents ay mabilis na na-evacuate makaraan ang humigit-kumulang sa 24 oras lamang na abiso, at umalis sila mula sa mga komunidad tulad ng Merritt, Vernon, Armstrong, Salmon Arm at Kelowna, patungo sa pitong sites sa buong VCH at Providence Health.

Mabilis at mahusay na tumugon ang mga team ng VCH, at binigyan nila ng priyoridad ang mga pangangailangan ng bawat resident. Ang residents ay itinugma sa pinakamabuting lokasyon sa Lower Mainland na tutugon sa kanilang mga ispesipikong pangangailangan, kabilang na ang nutrisyon, gamot, at equipment.




Ang residents ay nagbiyahe mula lima hanggang 15 hours gamit ang eroplano o bus, kahit na mainit at mausok, at kahit na may mga delay dahil sa mga aksidente sa kalsada. Kinompleto naman ng health care workers ang mabibilis na nakompletong medical assessments ng residents oras na sila'y dumating, at ang ilan sa kanila ay inilipat sa ospital.

Ang mga team na tumanggap ng mga tao ay nagsikap na matugunan ang mga pangangailangan at mga request ng residents, tulad ng paboritong ulam o pag-order ng cable station na nagpapalabas ng kanilang TV show. Pinagsikapang malaman ng staff kung ano ang pinaka-importante at pinaka-posible sa panahong iyon.

Ginawang priyoridad ng staff na lumikha ng isang mainam at may pagmamalasakit na kapaligiran para sa 159 na residents na iyon na umalis mula sa ginhawa, katiyakan, at mga pamilyar na bagay sa kanilang home communities; ang ilan sa kanila ay umalis nang hindi man nakapagpaalam sa mga pamilya na nag-evacuate din.

*"Hindi namin alam kung gaano sila katagal dito sa amin, kaya't kinailangan naming makilala sila kaagad. Iyan ang aming kultura ng pagmamalasakit sa VCH. Ang malaman kung sino ang mga vulnerable na indibidwal sa populasyon, hindi lamang dahil sila'y nasa long-term care, kung 'di dahil iniwan nila ang lahat sa kanilang dating lugar, at sila ay naririto na ngayon sa isang bago at di-pamilyar na lugar kung saan wala silang kakilala.*

Jo-Ann Tait | Executive Director for Long-term Care



# EARLY SUCCESS SA PAGBIGAY NG PANGANGALAGA SA MGA VULNERABLE NA TAO SA ATING KOMUNIDAD, SA PAMAMAGITAN NG ACT TEAMS

Ang Vancouver Coastal Health ay siyang nangunguna sa paghatid ng community-based at community-focused na pangangalaga sa mga indibidwal na nangangailangan ng mas intensibo at mas madalas na serbisyo dahil sa kanilang vulnerable status, sa pamamagitan ng mga serbisyong ibinibigay ng pitong Assertive Community Treatment (ACT) teams.

Ang ACT ay isang service delivery model batay sa ebidensiya, at pinagsasama-sama nito ang paggamot, rehabilitation at mga pansuportang serbisyo gamit ang team-based na pangangalaga bilang community alternative sa psychiatric hospitalization. Ang mga team na ito ay nagbibigay ng intensive, ispesipiko, at patuloy na mga serbisyo upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga indibidwal na may malubha at patuloy na pagsusubok sa mental health at/o paggamit ng droga o alak, at na hindi nagbenepisyo mula sa mga tradisyunal na outpatient na programa.



*Ang ACT teams ay nagbibigay ng intensive, ispesipiko, at patuloy na mga serbisyo upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga indibidwal na may malubha at patuloy na pagsusubok sa mental health at/o paggamit ng droga o alak.*

*"Sinusuportahan ng ACT teams ang mga kliyenteng hindi natulungan ng mga regular na paraan, at sila'y naglalaan ng iba't-ibang level ng ginhawa at pangangailangan pagdating sa tradisyunal na health settings. Ang aming kakayahang magtrabaho mula sa isang lugar ng flexibility, community-partnering, at ang aming kakayahang tumugon ay nakakatulong sa amin na itugma ang aming mga serbisyo sa kinaroroonan ng kliyente, at suportahan siya sa kanyang mga transisyon sa community, inpatient, at tertiary settings."*

Kiran Dhaliwal | Vancouver ACT manager



*Ang VCH ay naghahatid ng community-based at community-focused na pangangalaga sa mga indibidwal na nangangailangan ng mas intensibo at mas madalas na serbisyo dahil sa kanilang vulnerable status, sa pamamagitan ng mga serbisyong ibinibigay ng pitong ACT teams.*

Ang ACT ay gumagamit ng isang interdisciplinary team approach upang maghatid ng mga kompletong serbisyo. Kinakatawan ng staff ang iba't-ibang mga disiplina, kabilang ang nursing, social work, occupational therapy, vocational rehab, o recreational therapy, peer support at psychiatry. Ang mga tungkulin na ito ay nakapahayag sa B.C. Provincial Standards for ACT; nakapahayag din ang kahalagahan ng pakikipagtulungan sa mga ahensiya ng komunidad upang magbigay ng holistic care. Ang team members ay nakikipagtulungan sa mga pamilya/caregivers at sa kliyente bilang mga aktibong partner upang magsagawa ng isang komprehensibong assessment, at magdibelop ng isang care plan para sa kliyente; sila ang nananagot para sa pagsasagawa ng plan at pagmomonitor nito.

**6 NA ACT TEAMS**
SA VANCOUVER




**Bagong**
**ACT TEAM**
SA RICHMOND



Noong 2020 ay nakatanggap ang VCH ng karagdagang funding sa pamamagitan ng Ministry of Health upang magpalakad ng isang pang-anim na ACT team sa Vancouver at isang bagong ACT Team Richmond. Ang kapwa dalawang bagong team ay may kapasidad na magbigay ng mga serbisyo sa mga kliyenteng may mga pagsusubok sa mental health at na hindi kumukuha ng mga tradisyunal na outpatient services kahit na sila'y high acuity / maraming pangangailangan, talagang homeless o medyo homeless, at/o may malaking panganib na mag-overdose.

Sa kalagitnaan ng pandemya ng COVID-19, ng opioid epidemic at ng isang housing crisis, ang pagpapalawak ng mga serbisyo ng VCH ACT ay naging mahalaga sa paghatid ng pangangalaga sa ilan sa pinaka-vulnerable na mga táong naninirahan sa ating komunidad; ang VCH ACT ay hindi lamang tumugon sa lahat ng mga pangangailangan mga kliyente -- ito'y tumugon din sa mga patuloy na nagbabagong pangangailangan ng kanilang mga komunidad.



# LAGING MAY BAGONG NATUTUTUNAN



# PINALAWAK NG VIRTUAL PROGRAM ANG STROKE REHABILITATION SA BUONG PROVINCE

Mga 4,900 British Columbians ang nakaranas ng istrok sa nakaraang taon. Pagkatapos silang gamutin at alagaan sa ospital, naramdaman ng marami sa kanila na hinarap nila ang pinakamahirap na bahagi ng recovery – ang pag-uwi sa tahanan. Bigla na lamang parang sobrang hirap ng mga simpleng gawain, tulad ng pagsesepilyo, pagbubutones ng kanilang kasuotan, o ang kumain. Si Dr. Janice Eng, Direktor ng Rehabilitation Research Program sa GF Strong at Canada Research Chair sa UBC Department of Physical Therapy, ay nagdibelop ng isang programang makakatulong.



Pagkatapos mai-stroke ang mga indibidwal, kadalasan silang nakakaranas ng mga pagsusubok na may kinalaman sa kombinasyon ng kalakasan ng kanilang braso at ng fine motor skills. Nakita ni Dr. Eng ang mga pagsusubok na ito sa kanyang mahigit sa 20-taóng pagsasaliksik at pangangalaga para sa mga pasyenteng nai-stroke. Dahil dito'y **dinibelop niya ang graded repetitive arm supplementary program (GRASP)**, isang recovery program na ginagamit na ngayon sa mahigit sa 5,000 lugar sa buong mundo.

*"Kailangang simulan kaagad ang mga rehabilitation program sa lalong madaling panahon, kaya't karaniwan kaming nagsisimula sa ospital kung saan hinihikayat namin ang mga tao na gumawa ng 1,000 movements bawat araw. Ang GRASP ay isang praktikal at abot-kayang programa kung saan ang mga pasyente ang siyang namamahala sa kanilang recovery. Ito ang isa sa mga pinakamahalagang bagay tungkol sa GRASP.*

Dr. Janice Eng

Dinisenyo dati ang programang ito para sa community care settings, pero iniakma ni Dr. Eng at ng kanyang team ang GRASP, na nagtatagal ng apat na linggo, para sa isang remote at virtual delivery nang nagsimula ang pandemya. Ang pagkakaroon ng kakayahang lumahok sa programa nang virtual ay nakatulong sa libu-libong British Columbians na naninirahan sa mga liblib na lugar ng province na maka-access ng world-class rehabilitation treatment. Ayon kay Dr. Eng, ang virtual program na ito ay nagpapahintulot sa mga pasyente na ipagpatuloy ang kanilang recovery sa tahanan, habang nakakatagpo sila ng ibang mga táong nasa parehong sitwasyon; ito ay maaari ring magbigay sa kanila ng motibasyon.







*"Ang GRASP ay mahusay na pandagdag sa karaniwang therapy na ibinibigay ng Occupational Therapists sa in-person treatment sessions. Pinahihintulutan nito ang mga kliyente na dagdagan ang skills na natutunan nila noong therapy at practice – mga gawaing lubos na magagamit sa araw-araw, sa isang paraang grinagraduhan; dahil dito'y nakamit nila ang kanilang upper extremity functional goals."*

Nancy Forset | Occupational Therapy Practice Coordinator

Ang GRASP videos, manuals at impormasyon tungkol sa programa ay **available sa website ng UBC Faculty of Medicine**.

Ang Accessible Media Inc (AMI), isang non-profit media company, ay gumawa ng documentary na pinamagatang **"Ang Paparating na Landas" ("The Road Ahead")** tungkol sa mga pasyente sa GF Strong Rehabilitation Centre ng VCH; ito'y may ilan sa pinakamahusay na spinal cord injury at acute brain injury rehabilitation programs sa Canada.




# ANG PAGGAMIT NG COPPER UPANG LABANAN ANG BACTERIA

Ang paggamit ng innovation upang panatilihing ligtas at nasa mabuting kalusugan ang mga tao ay isang priyoridad sa VCH; ito ang dahilan kung bakit nakipagpartner kami sa Teck Resources at TransLink sa isang kauna-unahang pilot project upang tasahan ang pagiging mabisa ng copper sa pagpatay ng bacteria sa mga lugar sa transit na madalas hinahawakan.

Kinompirma ng Phase One ng proyekto na mapapatay ng copper ang 99.9 porsiyento ng bacteria sa mga ibabaw sa transit, at ito'y katulad ng mga dating natuklasan ng VCH sa laboratoryo at hospital settings. Patuloy na sinisiyasat ng Phase Two, na inilunsad noong Setyembre, kung paano maaaring mapahusay ng copper ang kaligtasan ng publiko.; ang copper ay isang prevention measure para sa impeksyon at ito'y madaling nakikita. Ang trial at aplikasyon na ito na talagang gagawin ay nagtataguyod sa health care innovation at layunin nitong pahusayin ang kalusugan ng publiko at ibalik ang tiwala ng publiko sa kaligtasan ng ating shared spaces o mga lugar na ginagamit ng lahat.



*Nagsasagawa ang VCH ng antimicrobial testing sa isang copper sample sa medical microbiology lab ng Vancouver General Hospital.*



**SINIMULAN NAMING GUMAMIT NG COPPER SA MGA LUGAR SA TRANSIT NA MADALAS HIPUIN**

**PINAPATAY NG COPPER ANG**

**99.9%**

**NG SURFACE BACTERIA**

Patuloy ang pagsisiyasat ng VCH sa copper bilang isang antimicrobial agent. Bukod pa sa mga dating pilot projects sa Bone Marrow Transplant Unit at Intensive Care Unit sa Vancouver General Hospital, may mga pagbabago sa Emergency Department sa Lions Gate Hospital. Mayroon na itong self-disinfecting copper surfaces na naka-instala sa mga ibabaw na madalas hawakan, tulad ng IV poles, overbed tables, mga hawakan ng pinto, at mga upuan ng toilet at deep-well infection control sinks, motion-sensor toilets, at ultraviolet sensors – ang lahat ng mga ito ay dagdag pa sa matagal nang isinasagawang paglilinis at disinfection measures, upang magbigay ng pinakaligtas at pinakamalinis na posibleng kapaligiran para sa mga pasyente.

Ang intelligent infection prevention at control engineering – kabilang ang pag-instala ng copper – ay idaragdag sa bagong High Acuity Unit ng Lions Gate Hospital at sa buong Paul Myers Tower.



# KAUNA-UNAHANG ACCREDITED PERSONAL PROTECTIVE EQUIPMENT TESTING LAB SA WESTERN CANADA

Ang innovation dulot ng pandemya na isinagawa sa VCH ay nauwi sa kauna-unahang accredited personal protective equipment (PPE) lab ng Western Canada na ang specialization ay ang pag-test at pag-validate ng PPE. Ang lab na ito ay makakatulong na protektahan ang health care workers, mga pasyente, at frontline workers mula sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagtatag ng isang B.C.-based site upang masigurado na ang PPE supplies ay tumutupad sa Canadian at international standards.

Nang nagsimula ang pandemya, dumami ang pangangailangan sa buong mundo para sa personal protective equipment at nagkaproblema nang husto sa supply chains. Nahirapan ang B.C. na makakuha ng PPE, lalo na ng N95 respirators, dahil limitado ang supply at humaba ang paghihintay para sa pag-test at pag-validate ng mga bagong PPE sa mga lab sa North America.

Upang tugunan ang problemang ito, nagtatag ang VCH ng PPE testing lab sa loob ng ilang buwan lamang, sa pamamagitan ng kolaborasyon sa B.C. Ministry of Health, Lions Gate Hospital Foundation, VGH & UBC Hospital Foundation, at sa Provincial Health Services Authority.

Ang lab ay isang sustainable resource na mainam para sa ekonomiya ng province at ng bansa dahil maaari na ngayon makuha ng Canadian manufacturers ang serbisyong ito upang ma-evaluate at ma-validate ang mga produkto at mga materyales ng PPE; sa gayon ay itinataguyod nito ang lokal na industriya at dinaragdagan nito ang domestic PPE supply.



*Salamat sa innovation, itinayo ang kauna-unahang accredited lab sa Western Canada, na specialized sa pag-test at pag-validate ng personal protective equipment upang tulungang protektahan ang health care workers, mga pasyente, at frontline workers.*

# ANG PPE STANDARDS AY TINE-TEST SA LAB

**Health Canada**

**Canadian Standards Association (CSA)**

**National Institute of Occupational Safety and Health (NIOSH)**

**Association for the Advancement of Medical Instrumentation (AAMI)**

**American Society for Testing and Materials International (ASTM International)**




*Pag-test sa water resistance: hydrostatic pressure*



# ISANG HAKBANG PATUNGO SA RECONCILIATION SA MGA INDIGENOUS NA TAO

Bilang isang health care na organisasyon, ang VCH ay may isang mahalagang tungkulin na itaguyod ang katotohanan at reconciliation, at tugunan ang mga kasalukuyang pagkakaiba at di pantay-pantay na pagbigay ng health care sa ating mga sistema.

Ang VCH ay nangangako na patuloy na makipagtulungan upang masigurado na ang Indigenous na kaalaman at expertise ay nakabaon sa ating buong health authority.

Gagawin natin ito sa pamamagitan ng;

1. Training at resources.
2. Paglikha ng mga lugar na mainam para sa lahat at pagsuporta sa staff, medical staff, at mga pasyente upang masigurado na nakapagbibigay ng pangangalagang ligtas para sa kultura.







*Video: Ipinakita ng VCH staff at medical staff sa buong rehiyon ang kanilang commitment sa reconciliation sa mga Indigenous na Tao sa pamamagitan ng special cards na naka-display sa iba't-ibang mga lugar.*

## Mga palatandaan ng suporta para sa mga Indigenous na tao sa Bella Coola General Hospital

Ang staff at medical staff sa Bella Coola General Hospital at sa buong rehiyon ay lumahok sa isang reconciliation activity, kabilang ang paglikha ng mga orange na hugis-puso na may mga mensahe bilang paalala. Ito'y naka-display sa waiting room ng emergency department ng ospital.

## Patuloy na nagbabagong health care para sa mga Indigenous na Tao

Mahigit nang isang taon simula nang inilabas ang **Malinaw na Malinaw: Pagtugon sa Rasismo at Diskriminasyon sa Indigenous na mga Tao sa BC Health Care (In Plain Sight: Addressing Indigenous Specific Racism and Discrimination in BC Health Care)** report at marami nang ginawang mga pagbabago sa VCH simula noon.

Nag-hire ng bagong Indigenous Health directors upang pamunuan ang lahat ng mga priyoridad sa kalusugan ng mga Indigenous na tao upang baguhin ang paraan ng paghatid ng pangangalaga. Kabilang dito ang Indigenous Cultural Safety and Education; Indigenous Engagement and Inclusion; Indigenous Design and Projects; Indigenous Patient Experience and Professional Practice; Strategic Partnerships and Performance; Indigenous Research and Evaluation; Indigenous Mental Health and Wellness; at Indigenous Women and Family Health, isang bagong focus.



**Lori Quinn**
Director ng Patient Experience, Professional Practice and Quality



**Brittany Bingham**
*Director ng Indigenous Research and Evaluation*



**Chris Mullen**
*Director ng Performance and Partnership*



**Bree Beveridge**
*Director ng Indigenous Inclusion and Engagement*



**Dr. Don Wilson**
*Medical Director*



**Dr. Toma Timothy**
*Medical Advisor*



**Janice Wardrop**
*Director ng Indigenous Cultural Safety and Education*



**Miranda Kelly**
*Director ng Indigenous Women and Family Health*




**Shannon McCarthy**
*Executive Director at Director ng Indigenous Mental Health and Wellness*



**Tiffany Creyke**
*Director ng Indigenous Design and Projects*



**Leslie Bonshor**
*Vice-President ng Indigenous Health*



# NAGSISIKAP NA MAKAKUHA NG MGA MAS MABUTING RESULTA



# BAGONG INDEPENDENCE PARA SA GEORGE PEARSON CENTRE RESIDENTS

Ang redevelopment ng 114-bed long-term care home para sa adults na may mga komplikadong medikal na pangangailangan ay ginagawa na ngayon, at sa 2022, ang unang grupo ng 44 na residents ay lilipat sa kanilang mga bagong tahanan sa Cambie Gardens sa mga condominium na nasa parehong lupa. Ang natitirang 70 residents ay patuloy na tatanggap ng kompletong pangangalaga sa George Pearson Centre hanggang lumipat sila sa mga bagong tahanan; pagkatapos ay magsasara ang centre.



Ang konstruksyon ng bagong development ay nagsimula noong 2018 upang lumikha ng isang community-based na tahanan na mag-aalok ng karagdagang independence para sa residents. Ang residents ay nagbigay ng feedback sa iba't-ibang stages ng proyekto, kabilang ang sa pamamagitan ng resident council meetings at bilang bahagi ng isang planning committee.




Ang mga bagong tahanan sa Cambie Gardens ay batay sa isang innovative model ng supported housing, na siyang nilikha sa tulong ng residents, ng kanilang mga pamilya, at ng community advocates. Ang residents ay nagkaroon ng mga pagkakataong magbigay ng feedback tungkol sa mga ispesipikong design features, tulad ng automated doors at flooring, at ang ilan sa kanila ay nakapag-tour sa semi-completed homes na nasa development.

# George Pearson Centre




**Binuksan noong 1952**



**Isang long-term care home na nagsisilbi bilang isang komunidad para sa residents**



**Karagdagang independence para sa residents**




**Pagsikapang baguhin ang pangalan ng site upang mas iakma ito sa values ng diversity at inclusion**



# ANG COMMUNITY DIALYSIS EXPANSION SA POWELL RIVER AY MAGSISILBI SA MAS MARAMING MGA PASYENTE AT BABAWASAN NITO ANG PANGANGAILANGANG MAGBIYAHE

Noong Enero 2022, inanunsyo ng Powell River General Hospital ang kanyang community dialysis unit expansion na magbibigay ng kinakailangang pangangalaga sa mas maraming tao sa isang maganda at komportableng setting. Ang dialysis ay isang life-saving procedure para sa mga pasyenteng may kidney failure; pumapalit ito sa function ng kidneys na mag-filter ng waste products at excess fluid mula sa dugo. Nang lumaki ang demand para sa dating unit, ang ilang mga nagda-dialysis na pasyente ay napuwersang magbiyahe nang malayô, tatlong beses sa isang linggo, upang makuha ang treatment.

May pitong dialysis stations sa bagong unit, kaya't doble na ngayon ang kapasidad. Ang karagdagang dialysis stations sa Powell River ay nagdaragdag sa access sa kinakailangang pangangalaga, at sinisigurado nito na ang mga tao sa komunidad ay makapagpapagamot nang mas malapit sa kanilang tahanan.

Ang community dialysis units ay pinapalakad ng Providence Health Care sa pamamagitan ng partnership sa VCH. May pitong community dialysis units sa Vancouver Coastal Health region sa Powell River, Sechelt, Squamish, North Vancouver, Vancouver, at Richmond.



*Ang expanded community dialysis unit sa Powell River General Hospital ay dinisenyo upang maging maginhawa at komportable.*




*May pitong community dialysis units sa Vancouver Coastal Health region.*




# BAGONG URGENT AND PRIMARY CARE CENTRES

Marami na ngayong komunidad sa VCH ang may karagdagang opsyon kapag sila'y magpapagamot para sa sakit na hindi mapanganib sa buhay o kaya pinsala sa katawan. May nagbukas na dalawang bagong **urgent and primary care centres** (UPCC) na nag-aalok ng pangangalaga sa residents sa mga lugar sa paligid. Ang mga UPCC ay tumutulong na iwasan ang mga hindi kinakailangang pagpunta sa mga emergency department at pinahihintulutan nito ang mga táong walang family doctor na makakuha ng mahusay na mapapagkatiwalaang pangangalaga.

Noong Pebrero 2021, ang Northeast Urgent and Primary Care Centre (UPCC) ay nagbukás sa East Hastings at Kaslo Streets sa Vancouver upang dagdagan ang access sa same-day care para sa residents ng Hastings-Sunrise, Renfrew-Collingwood at Cedar Cottage neighbourhoods. Ang team na nasa lugar ay binubuo ng family doctors, nurse practitioners, registered nurses, social workers, at dieticians na nagtutulungan upang matugunan ang mga pangangailangan ng komunidad sa pangangalaga.







*Video: mag-virtual tour ng Northeast Urgent and Primary Care Centre sa Vancouver.*

*"Kapag ang tao ay pumasok sa pinto upang magpagamot, natutupad namin ang kanyang kinakailangang pangangalaga sa araw din na iyon, o kaya'y nakakagawa kami ng referral at koneksyon para sa kanya sa community services"*

Angela Remocker | Nurse Practitioner

Ang mga pasyenteng pinaka-nangangailangan ng pangangalaga ang siya munang titingnan at aalagaan. Ang ilang mga halimbawa ng mga pinsala at sakit na ginamot sa UPCC ay: pilay at strains; mga hiwa, sugat, o mga kondisyon ng balat; mataas na lagnat, mga impeksyon, kabilang ang impeksyon sa dibdib, tainga, at urinary tract; hika, bago o lumalalang pananakit, dehydration/ constipation; at mga hindi grabeng sakit o pinsala sa mga bata.

Noong Abril, binuksan ng Richmond ang unang UPCC sa isang pansamantalang lokasyon sa Alderbridge Way at Lansdowne Road. Tulad ng Northeast UPCC, ang Richmond UPCC ay hindi kapalit ng mga family physician para sa non-emergency care, pero naka-ugnay ito sa ibang mga opsyon sa pangangalaga sa komunidad. Hindi rin ito kapalit ng emergency care sa Richmond Hospital, pero nakakatulong itong magreserba ng lugar sa emergency department ng ospital para sa mga pasyenteng may mga sakit o pinsalang mapanganib sa buhay. Noong 2020, mahigit sa 15,000 ang nagpunta sa emergency department ng ospital, at marami sa kanila ay mga kondisyon na hindi naman mapanganib sa buhay na sana'y napamahalaan sa isang primary care setting tulad ng isang UPCC.

*"Bilang isang doktor, alam ko kung gaano kahalaga ang isang serbisyong tulad nito para sa ating komunidad. Nagsikap kami upang panatilihing ligtas ang mga tao sa panahon ng pandemya, ngunit kailangan din naming siguraduhin na patuloy naming natutupad ang mga pangangailangan ng isang lumalaking komunidad tulad ng Richmond."*

Richard Chan | Medical Director ng Richmond UPCC



## May anim na Urgent and Primary Care Centres sa Vancouver Coastal Health Region:

- Richmond Urgent and Primary Care Centre
- City Centre Urgent and Primary Care Centre
- North Vancouver Urgent and Primary Care Centre
- REACH Urgent and Primary Care Centre
- Northeast Urgent and Primary Care Centre
- Southeast Urgent and Primary Care Centre



## Richmond Hospital expansion

Ang Richmond Hospital ay magdaragdag ng isang bagong nine-floor, acute care tower. Ang Yurkovich Family Pavilion ay magkakaroon ng isang bagong emergency department, isang intensive care unit, isang fully equipped medical imaging department, isang pharmacy, at isang short-stay pediatrics. Bibigyan nito ang Richmond ng acute care na kinakailangan nito para sa kinabukasan, habang lumalaki at tumatanda ang populasyon nito. Ang iba pang mga idinagdag ay ang redevelopment ng South Tower upang lumikha ng bagong inpatient psychiatry at psychiatric emergency units. Ang Milan Ilich Pavilion ay ire-redevelop din at dito ilalagay dito ang Cancer Care Clinic




# PAGGAWA NG PAGKAKAIBA PARA SA ISANG SUSTAINABLE NA KINABUKASAN

Mula sobrang init at wildfires, baha, at landslides, tuwiran nating nararanasan ang epekto ng pagbabago ng klima, at handa ang VCH para dito.

Ang pagbabago ng klima ay inaasahang makaapekto sa facilities, paghatid ng serbisyo, at kondisyon ng kalusugan. Ang mga kaugnay na panganib ay kailangang malaman at mapamahalaan nang may istratehiya sa darating na maikli at matagal na panahon. Ito'y bukod pa sa trabaho ng pagprotekta sa kalusugan kapag may extreme climate.






*Ang pangako ng VCH na lumikha ng mas sustainable at adaptable na health care system ay makikita sa kamakailan-lamang na pagtakda kay Dr. Andrea MacNeill bilang Regional Medical Director ng Planetary Health. Siya'y magkakaroon ng tungkulin sa paggawa ng planetary health roadmap sa loob ng VCH, at papahintulutan nito ang VCH na matugunan ang mga patuloy na nagbabagong pangangailangan ng mga komunidad at ng kapaligiran.*

## Halimbawa

- Ang kolaborasyon ng VCH sa Fraser Health at UBC upang alamin kung aling mga komunidad sa Lower Mainland ang pinakamamaaring maapektohan ng extreme weather, halimbawa init, usok mula sa wildfire, baha, at ground-level ozone.
- Isinasaalang-alang nito ang factors bukod pa sa weather, halimbawa, ang edad ng populasyon at mga pisikal na katangian ng mga lugar. Ang kaalamang ito ay mainam na magagamit kapag nakikipagtulungan sa mga municipality upang magdibelop ng angkop at maayos na plano ng pagtugon upang protektahan ang residents kapag may extreme climate.

Bago pa man naging kapansin-pansin ang mga epekto ng pagbabago ng klima sa buong province nitong nakaraang taon, **ang VCH ay kumilos upang bawasan ang environmental footprint ng ating health care facilities at pagpapalakad.** Ang Energy & Environmental Sustainability team ng VCH ay nagtratrabaho upang maging regional leaders sa energy at environmental sustainability sa pamamagitan ng:

## Richmond: nag-iinstala ng electric vehicle (EV) charging stations

Maraming electric vehicle charging stations sa Richmond Hospital; mayroon na ngayong 30 stations na gumagana. Ang ilan sa mga benepisyo nito ay:

- Malaking pagbawas ng greenhouse gas emissions
- Diretsong pagbawas ng air pollution sa komunidad
- Nakakatulong itong linisin ang hangin para sa residents na may hika, lung cancer, cardiovascular disease, at iba pang mga kondisyon.






*"Upang masigurado na natutupad namin ang aming peak cooling demand sa LGH sa darating na panahon, ibabatay namin ang kapalit na equipment batay sa mga hinihulaang magiging klima sa halip na batay sa historical weather trends"*

Sam Orr | VCH Director of Facilities Infrastructure

## North Shore: pagdagdag ng cooling capacity sa acute care at long-term care sites

Noong 2021, nang nagkaroon ng heat dome sa B.C., nasimulan na ang talakayan tungkol sa paghahanda ng ilan sa acute care at long-term care sites ng VCH para sa mas mainit na panahon. Ginagawa na ngayon ang cooling system upgrades sa lahat ng long-term care sites ng VCH upang dagdagan ang cooling capacity at upang masigurado na ang residents ay komportable kung may mga heat wave sa darating na panahon.


- Noong 2021, ang LGH Cooling Plant Strategy ay nakompleto upang simulan ang pagbawas ng konsumo ng natural gas, sa pamamagitan ng pagrecover ng heat, at upang masigurado na ang campus ay may sapat na cooling capacity para sa mga heat wave sa darating na panahon.
- Sa 2022, ang unang phase ay makokompleto, at makakatipid ito sa mga darating na taon.

## Vancouver: pagmomonitor ng indoor air quality

Ang pag-evaluate sa tungkulin ng air quality sa loob at labas ay isang lumalaking field of study para sa VCH at key partners nito tulad ng BC Centre for Disease Control.

Bago nagsimula ang wildfire season noong 2020, ang team ng partners na ito ay nagsimulang magsaliksik sa mga maaaring maging epekto ng masamáng outdoor air quality sa indoor air quality at sa kalusugan ng pasyente. Sa isinagawang pagsasaliksik, sinukat ang air quality at ineksamin ang mga walang-katulad na aspeto ng tatlong pilot sites upang makatulong na maghanda para sa mga climate emergency sa darating na panahon.

Ang mga unang resultang nakuha ay mukhang may benepisyo, at ipinahayag nito ang mga rekomendasyon na maaaring gawin ng staff sa pilot facilities kung sakaling may mga wildfire o ibang events sa darating na panahon na maaaring makaapekto sa air quality. Ang bagong area of study na ito ay magbibigay ng impormasyon at magbabago sa disenyo at pagpapalakad ng VCH sa mga building; nakakatulong din ito na mas maunawaan kung paano mababawasan ang pagpasok ng usok sa healthcare facilities.



*Ang grabeng usok at ang kasabay na init sa Third Beach sa Vancouver ay nagresulta sa masamáng outdoor air quality noong Agosto 2021.*

## Richmond: nagtatayo ng mas mahusay na building upang matugunan ang mga pagsusubok ng kapaligiran

Ang bagong nine-floor acute care tower ng Richmond Hospital, na tinatawag na Yurkovich Family Pavilion, ay magiging earthquake-safe at itatayo nang mas mataas kaysa sa flood plain. Plano ring gawing 100 per cent carbon neutral ang bagong tower.




*Artist rendering ng bagong nine-floor acute care tower sa Richmond.*

## Pagbawas sa paggamit ng fossil fuels

Ang VCH ay nangangakong bawasan ang konsumo ng enerhiya at paggamit ng carbon-producing fossil fuels, suportahan ang mga proyektong mainam sa kalusugan ng aming staff at aming komunidad. Ang pag-iwas sa paggamit ng mga sasakyang gumagamit ng fossil fuels ay lubos na magbabawas sa air pollution at sa kaugnay na masasamang epekto sa kalusugan ng populasyon. Ang EV charging station installations ay nagsusuporta sa staff at mga miyembro ng komunidad sa paglipat nito sa mas sustainable na mga opsyon sa transportasyon, tulad ng electric vehicles.



*Isang electric vehicle charging station sa Richmond Hospital.*




**39 na porsiyento ng staff ay planong magkaroon ng sariling electric vehicle (2021 GreenCare survey)**



**Nagpasa ng batas ang provincial government noong Mayo 2019 na nag-uutos na pagdating ng 2040, ang bawat bagong sasakyang ibebenta sa B.C. ay dapat zero-emission vehicle**



**Ang EV installation ay ginawang posible ng funding mula sa Carbon Neutral Capital Program at ng B.C. Ministry of Health alinsunod sa CleanBC climate strategy ng province**



# PANGANGALAGANG LIGTAS PARA SA KULTURA





# NAG-EXPAND ANG INDIGENOUS HEALTH TEAM

Noong fall, ang Vancouver Coastal Health ay nagsimula ng isang bagong Indigenous Health leadership team alinsunod sa mga rekomendasyon na nakasulat sa **In Plain Sight: Addressing Indigenous-specific Racism and Discrimination in B.C. Health Care** report.

Si Leslie Bonshor, ang kasalukuyang Vice-President ng Indigenous Health sa VCH ang namumuno sa expanded team at ang kanyang tungkulin ay umaakma sa rekomendasyon ng In Plain Sight report na ang B.C. government health service organizations, providers, at facilities ay dapat mag-recruit ng mga Indigenous na indibidwal para sa senior positions upang pamahalaan at itaguyod nila ang mga kinakailangan pagbabago sa sistema.

Ang trabaho ni Leslie ay nakakatulong na siguraduhin na susuportahan at magbibigay ng impormasyon ang Indigenous Health sa calls to action sa Truth & Reconciliation Commission report, at nakakatulong na itaguyod at gawing posible ang United Nations Declaration of Indigenous People at ang B.C. Declaration on the Rights of Indigenous Peoples Act at suportahan ang mga rekomendasyon sa In Plain Sight report.

Ang kaaya-ayang report ay nagbibigay diin sa health care system ng B.C. at nakikipagtulungan sa mga pinuno ng buong health care system upang makipagpartner sa First Nations, Inuit, at Métis sa ating rehiyon, at sa mga partner tulad ng Métis Nation B.C., First Nations Health Authority, First Nations Health Council, at ng First Nations Health Directors Association.




*"Bilang isang organisasyon, kinikilala at tinatanggap ng VCH ang mga natuklasan ng In Plain Sight report at kikilusan nito ang lahat ng 24 na rekomendasyon. Ikinalulugod kong maging bahagi ng isang namumunong organisasyon sa health care. Ang aming Indigenous Health team ay hindi tulad ng iba; sinisigurado nito na ang kaalaman at expertise ng mga Indigenous na tao ay nakabaon mula sa leadership level hanggang sa front-line services sa ating buong health authority."*

Leslie Bonshor | Vice President ng Indigenous Health



# PAGTATATAG NG PAGKAKAROON NG TIWALA, SA TULONG NG BAGONG PATIENT EXPERIENCE TEAM

Bilang direktor ng Indigenous Patient Experience Team, sabi ni Lori Quinn—na mahigit nang 20 taóng nagtratrabaho bilang nurse—na ang Indigenous nursing pod program ang siyang naging mahalaga sa mas mahusay na vaccination rates sa mga komunidad ng First Nations simula pa noong inilunsad ang programa.

Si Emily MacLeod at si Brandi Dan ay kapwa matagal nang nagtratrabaho bilang nurse, at sinagot nila ang imbitasyon na mag-self-identify bilang Indigenous, at maging bahagi ng Indigenous nursing pod program upang magbigay ng vaccines sa First Nations; kadalasan nila itong ginawa sa pagitan ng kanilang mga nursing shifts.

Kasama ng ibang mga tao sa kanilang mga team, nagtatag sila nang mahigit sa 20 clinics na nagbigay ng priyoridad sa community members, tulad ng pag-iskedyul ng vaccination day sa araw kung kailan maaaring lumahok ang Indigenous Elders.


Para kay Brandi, isang miyembro ng Bonaparte First Nation sa interior ng BC, makahulugan para sa kanya ang isuot ang kanyang kakaibang team vest. Natatandaan niya na may isang miyembro ng komunidad na natatakot at ayaw magpabakuna, pero nagpunta rin ang táong ito sa clinic, kasama ng kanyang support worker at isang therapy dog.



*Ang Indigenous Patient Experience Team sa Vancouver General Hospital.*

*"Nagkaroon ako ng panahon upang kausapin siya, at sagutin ang lahat ng kanyang mga katanungan; nakipaglaro kami sa kanyang aso, at pagkatapos noon ay handa na siyang magpabakuna. Isang vaccine lamang ito, pero lahat sila'y 'isang vaccine lamang,' at makahulugan ito."*

Brandi Dan | Nurse




Ayon kay Lori Quinn, nakikita niya na mahalaga ang maging available ang mga team tulad nito para maipadala sila sa ibang mga krisis tulad ng mga baha, wildfire, o kahit na kapag nagkukulang ang staff sa mga ispesipikong komunidad. "Nagpapasalamat ako na ako'y bahagi ng VCH na tumutugon sa Truth & Reconciliation Commission (TRC) Calls to Action sa isang tunay na paraan," sabi niya.

Ipinahayag ni Brandi ang personal na kahalagahan sa bawat nurse na kalahok: "Lubos na nakagagalak-puso ang matulungan ang mga Indigenous na komunidad tulad nito na manatiling ligtas," sabi niya.



*"Ito'y parang isang paraan upang makapagbigay sa iba."*

Lori Quinn | Director ng Patient Experience



# EDUKASYON AT SUPORTA NG STAFF UPANG ITAGUYOD ANG MGA LUGAR NA LIGTAS PARA SA KULTURA

Ang mga miyembro ng Indigenous Cultural Safety (ICS) at ng Indigenous research at evaluation teams ay nakipagpartner sa emergency department ng Vancouver General Hospital upang magdibelop ng isang Indigenous cultural safety initiative upang mapabuti ang karanasan ng mga Indigenous na táong gumagamit ng emergency services.

Ang inisyatibong isasagawa nang isang taon ay maglalaan ng edukasyon at suporta sa emergency department staff upang makatulong na siguraduhin na ang mga Indigenous na tao ay makakakuha ng care environment kung saan sila nakakaramdam na sila'y ligtas, nirerespeto, kinikilala, at kung saan sila nakakapagsalita tungkol sa kanilang kasiyahan sa kanilang nakuhang pangangalaga.

*"Ang Indigenous cultural safety training ay nagbibigay ng matatag na pundasyon na magsusuporta sa staff sa kanilang daan patungo sa reconciliation; nakakatulong din ito masigurado na tayo ay nagbibigay ng pangangalagang ligtas para sa kultura. Nagagalak kami sa pagkakataong makipagpartner sa Indigenous Health team upang ibigay ang makahulugan at mabisang edukasyon na ito para sa emergency department at medical staff."*

Lori Korchinski | Emergency Department Operations Director



*Ang mga miyembro ng Indigenous Health team ay nagsasagawa ng isang Indigenous Cultural Safety training session sa Vancouver General Hospital Emergency Department.*

Ayon sa estadistika, ang health outcomes ng mga Indigenous na tao ay hindi kasing husay sa maraming lugar kumpara sa health outcomes ng mga non-Indigenous na populasyon, at ang mabisang pangangalaga na naaangkop sa kultura ay mahalaga upang bawasan ang inequities o mga di-pagkakapantay-pantay na ito.

Natuklasan ng kamakailan-lamang na isinagawang **In Plain Sight** report na malakas ang Indigenous-specific na rasismo sa health care system ng B.C.; lubos nitong naaapektohan ang kalusugan at kabutihan ng mga Indigenous na tao. Ang mga miyembro ng First Nations, Metis, at Inuit communities sa rehiyon, at pati na mga pasyente mula sa buong B.C., ay may access sa VGH Emergency Department.






# NANGUNGUNA SA POSITIBONG PAGBABAGO PARA SA KALUSUGAN NG MGA INDIGENOUS NA KABABAIHAN AT MGA PAMILYA

Binabago ng VCH ang paraan ng pagtanggap ng mga Indigenous na kababaihan ng pangangalaga sa health care setting. Ang **In Plain Sight: Addressing Indigenous-specific Racism and Discrimination in B.C. Health Care** report ay nagbahagi ng mga naging karanasan at ng data na nagpapakita ng mga pagkakaiba sa paghanap at pagtanggap ng health care ng mga Indigenous na kababaihan sa province. Bilang pagtugon dito ay nagdibelop ang Indigenous Health team ng VCH ng isang istratehiya upang magkaroon ng positibong pagbabago para sa mga Indigenous na kababaihan upang mas madali silang makakuha ng pangangalaga na ligtas para sa kanilang kultura, nang bumuti ang kanilang kalusugan.



*"Ang mga Indigenous na kababaihan ay mga pinuno at mga ina. Kung tutulungan natin ang mga kababaihan, tutulungan din natin ang kanilang mga buong komunidad. Gumawa kami ng isang team ng mga Indigenous na kababaihan upang magkaroon ng lugar para sa mga naging karanasan at upang magkaroon ng data. Ang mga pinunong ito ay binigyan ng awtoridad na tugunan ang mga sistemikong hadlang, rasismo, at marginalization ng mga Indigenous na kababaihan, patnubayan ang mga pag-uusap, at gumawa ng mga rekomendasyon na mauuwi sa mga solusyon. Ang aming paraan para dito ay walang-katulad at makabago, batay sa mga pananaw ng mga Indigenous na tao, upang lutasin ang mga sistemikong problemang ito."*

Leslie Bonshor | Vice-President ng Indigenous Health

Nagtatag ang VCH ng isang Indigenous Women and Family Health team at magkasama silang nagtutulungan sa buong health authority upang masigurado na ang Indigenous na kaalaman at expertise ay nakabaon sa lahat ng mga bagay na may kinalaman sa kalusugan ng mga Indigenous na kababaihan at ng mga pamilya, kabilang na ang gender equity at inclusivity, reproductive justice, perinatal health, kalusugan ng sanggol at bata, paglaban sa karahasan, at paglaban sa rasismo sa health care.



Ang trabahong ito ay pinapatnubayan ng:

- mga rekomendasyon ng **In Plain Sight** report
- **Declaration of Commitment on Cultural Safety and Humility in Health Services**
- **United Nations Declaration on the Rights of Indigenous Peoples**
- **Truth & Reconciliation Commission of Canada**

# LUMAHOK

Matagal ang nagiging epekto ng pag-donate sa isang hospital foundation para sa mahalagang trabaho ng VCH hospitals. Makakatulong kang itaguyod ang innovation at sustainable health care sa pamamagitan ng pagsuporta sa isa sa anim na foundations.

**Sumali sa amin. Tulungan kaming magbigay ng mahusay na pangangalaga para sa lahat.**

MAG-DONATE